# Ang Palaka sa Sapa

Ang palaka sa sapa kung humuni ay malakas. "Kokak! Kokak" ang sabi ng palaka. Isang araw, si Pipo ay pumunta sa sapa upang humuli ng palaka. Nagtago ang mga palaka. Walang nahuli si Pipo. Siya ay umuwing kaawa-awa.

Tanong:

1. Saan matatagpuan ang mga palaka?
2. Ano ang huni ng palaka?
3. Sino ang pumunta sa sapa?
4. May nahuli ba si Pipo?

© Teacher Created Resources
FUN TEACHER FILES



# Ang Yoyo ni Yohan

Si Yohan ay may bagong yoyo. Binili ito ng kanyang tiya. Ang yoyo ni Yohan ay kulay dilaw. "Maraming salamat po tiya," wika ni Yohan. Inaya ni Yohan si Yeye maglaro ng yoyo. Masayang naglaro ang dalawa.

Tanong:

1. Sino ang may bagong yoyo?
2. Sino ang bumili nito?
3. Ano ang kulay ng yoyo ni Yohan?
4. Sino ang kalaro ni Yohan?

© Teacher Created Resources
FUN TEACHER FILES

# Ang Daga ni Dodi

Si Dodi ay mayroong alagang daga. Ang pangalan nito ay Dodong. Maputi ang balahibo ni Dodong. Mahaba ang buntot nito. Mahilig kumain ng keso si Dodong. Natutuwa si Dodi dahil malakas kumain ang alaga niya. Mahal ni Dodi ang alaga niyang daga.

Tanong:

1. Sino ang may alagang daga?
2. Ano ang pangalan ng daga?
3. Ano ang hilig kainin ng daga?
4. Bakit natutuwa si Dodi kay Dodong?

© Teacher Created Resources

FUN TEACHER FILES

# Ang Lobo ni Lili

Si Lili ay may lobo. Lima ang lobo ni Lili. Iba-iba ang kulay ng lobo ni Lili. May pula, dilaw, bughaw, berde at lila. Bigay ito ng kanyang Lolo Luis at Lola Lina. Tinangay ng malakas na hangin ang mga lobo ni Lili. Umiyak si Lili. Pinatahan siya ng kanyang lolo at lola.

Tanong:

1. Sino ang may lobo?
2. Ilan ang lobo niya?
3. Sino ang nagbigay ng mga lobo niya?
4. Ano ang nangyari sa mga lobo ni Lili?

© Teacher Created Resources
FT FUN TEACHER FILES

# Ang Baka ni Biboy

Si Biboy ay may alagang baka. Ang pangalan ng baka ay Biko. Malusog at mataba ang alagang baka ni Biboy. Marami itong binibigay na gatas sa mga bata. Tuwing umaga ay pinakakain niya ito ng sariwang damo. Kaya naman masaya ang bakang si Biko.

Tanong:

1. Ano ang alaga ni Biboy?
2. Ano ang pangalan ng alaga niya?
3. Ano ang ibinibigay ni Biko sa mga bata?
4. Ano ang pinakakain ni Biboy kay Biko?



© Teacher Created Resources
FUN TEACHER FILES

# Ang Manika ni Mika

Ang manika ni Mika ay luma na. Bigay ito ng kanyang Mama Mina noong ika-anim na kaarawan niya. Paborito niya itong laruin kahit ito ay luma na. Maitim at mahaba ang kulot na buhok nito. Ang pangalan ng manika ni Mika ay Mila. Lagi niya itong dala kahit saan siya magpunta.

Tanong:

1. Kanino ang lumang manika?
2. Sino ang nagbigay nito?
3. Ano ang pangalan ng manika?

© Teacher Created Resources

FT FUN TEACHER FILES